# Mga Pamilya bilang Tagapagtaguyod: Pagtataguyod para sa Aking Mag-aaral na Multilingguwal

Bilang isang pamilyang multilingguwal, ang pagsuporta sa inyong anak ay nangangahulugan na may karapatan kayong mabigyan ng impormasyon, makilahok, at igalang bilang kapantay na katuwang sa pag-unlad ng wika, pag-aaral, at sa iba pang aspeto ng edukasyon ng inyong mga anak. Itong dokumentong ito ay nagbibigay ng mga paksa at halimbawa ng mga tanong para sa mga magulang at pamilya na maaaring itanong sa mga edukador, at ito ay naglalayong palakasin ang kanilang mga pagsisikap sa adbokasiya. Ito ay ginawa batay sa mga mungkahi ng mga pamilyang tulad ninyo na nagbahagi ng kanilang mga prayoridad pagdating sa pagtataguyod para sa kanilang mga anak. Maaari mong piliin ang mga paksa at tanong na pinakamahalaga para sa inyo at magdagdag ng iba pang mga tanong kung kinakailangan.

## Pagtaguyod ng Palitan ng Komunikasyon, Pag-tanggap sa Wika, at Pakikipag-ugnayan at Pakikilahok

May karapatan kang makatanggap ng malinaw, pare-pareho, at madaling intindihing komunikasyon sa pagitan mo at ng paaralan ng inyong anak. Mahalaga rin na nararamdaman ninyong kayo ay tanggap at kabilang. Sa parteng ito, may mga tanong na puwede mong gamitin para ipaglaban ang dalawang-paraan na komunikasyon, serbisyo sa pagtanggap sa wika, at aktibong pakikilahok sa paaralan.

### Dalawang-Paraan na Komunikasyon

1. Mayroon bang tao sa paaralan o distrito na direktang nakikipag-ugnayan sa mga pamilya at/o komunidad? Kung mayroon, paano ko sila matatawagan?
2. Gaano kadalas akong umasa na makatanggap ng balita mula sa mga guro o sa paaralan, at paano ako maaaring makikipag-ugnayan kung mayroon akong mga tanong o alalahanin?
3. Ano ang pinakamahusay na paraan para kami ng paaralan ay makapagbahagian ng impormasyon at manatiling konektado?

### Daan sa Wika

1. ag-aalok ba ang paaralan at/o distrito ng mga serbisyo sa pagsasalin o interpretasyon ng wika?
2. Paano ako makahingi ng magsasaling ng wika kapag kailangan kong makipag-usap sa guro o kung makikipagpulong ako sa isang tao sa paaralan?

### Pakikipag-ugnayan at Pakikilahok

1. May mga mahalagang bagay ba na dapat kong malaman tungkol sa kung paano tumatakbo ang mga proseso sa paaralan?
2. Ano-ano ang mga oportunidad na meron para ako ay maaaring aktibong makipagtulungan sa paaralan at/o mga katuwang sa komunidad? (Halimbawa, pagtulong sa pagpaplano ng mga kaganapan at aktibidad, pagiging


© 2025 Board of Regents of the University of Wisconsin System, on behalf of WIDA

kasangkot sa paggawa ng desisyon, o pagsali sa mga pagsisikap para sa pagpapabuti ng paaralan.)

3. Ano-ano ang mga oportunidad na magagamit para sa mga pamilya upang makapagbahagi ng puna, makipagtulungan sa mga kawani ng paaralan, o kumonekta sa ibang mga pamilya sa paaralan at sa komunidad?

## Pagsuporta sa Pagkatuto ng Estudyante, Paglago sa Akademiko, at Kabuuang Kalagayan

May karapatan kang maunawaan kung paano sinusuportahan ang anak mo sa paaralan -- sa loob ng silid-aralan at pati na rin sa labas nito. Sa bahaging ito, makakakita ka ng mga tanong na maaari mong gamitin para ipaglaban ang mga layunin ng anak mo sa wika at pagkatuto, at para matiyak na ligtas, bukas sa lahat, at nakaka-suporta ang kapaligiran ng paaralan -- kung saan bawat estudyante ay maaaring umunlad sa aspetong sosyal, emosyonal, at akademiko.

### Suporta sa Akademiko at Mga Oportunidad

1. Kanino ako maaaring lumapit kung may tanong ako tungkol sa kurikulum ng paaralan o klase, paraan ng pagtuturo, programa sa wika, o paglalagay ng estudyante sa klase?
2. Kanino ako puwedeng lumapit kung may tanong ako o kailangan ko ng tulong tungkol sa progreso ng anak ko sa akademiko, pag-unlad sa wika, o mga problema sa loob ng silid-aralan?
3. Anong mga oportunidad ang meron para makipagtulungan ako sa paaralan at masuportahan ang pagkatuto ng anak ko sa bahay at sa klase?
4. Saan ako makakakuha ng impormasyon tungkol sa akademiko, karagdagang suporta, o mga oportunidad tulad ng scholarships at paghahanda para sa kolehiyo o karera ng anak ko?

### Kalusugan, Kagalingan, at Mga Serbisyong Suporta

1. Paano lumilikha ang paaralan ng isang magiliw na kapaligiran para sa mga mag-aaral na multilingguwal at tinutulungan silang makaramdam na ligtas, kabilang, at suportado sa aspetong sosyal at emosyonal?
2. Paano tinutugunan ng paaralan ang pananakot, pangigipit at panliligalig sa komunidad ng paaralan?
3. Paano sinusuportahan ng paaralan ang mga mag-aaral na nakakaranas ng stress sa bahay?
4. Paano nakikipagtulungan ang paaralan sa mga organisasyon sa komunidad upang suportahan ang mga mag-aaral at pamilyang multilingguwal?
5. Mayroon bang mga serbisyo para sa kalusugang pangkaisipan na magagamit para sa mga mag-aaral sa paaralan o sa komunidad, at paano ito maaaring makuha?
6. Paano ko malalaman ang tungkol sa mga gawain o aktibidad sa labas ng klase na pwedeng salihan ng aking anak?

Ano-ano pa ang ibang tanong na mayroon kayo? Gamitin ang espasyo sa ibaba para sa iyong mga karagdagang tanong para sa mga guro.


© 2025 Board of Regents of the University of Wisconsin System, on behalf of WIDA